# Mga Tagubilin sa Pamunuan ng Templo at Family History para sa 2024

## GABAY SA TALAKAYAN

Salamat sa pagtitipon at panonood ng Mga Tagubilin sa Pamunuan ng Templo at Family History bilang mga lider. Habang pinanonood ninyo ang mga mensahe, aanyayahan kayong magsanggunian nang magkakasama. Isiping gamitin ang mga tanong sa ibaba bilang gabay, o iakma ang mga ito sa mga pangangailangan ng inyong council. Pag-isipang balikan ang "Mga Alituntunin ng mga Epektibong Council," (*Pangkalahatang Hanbuk: Paglilingkod sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw*, 4.4).

1. Ano ang itinuro sa inyo ng Espiritu habang nakikinig kayo sa tagubiling ito?
2. Sino ang matutulungan natin na magkaroon ng magandang unang karanasan sa binyag at kumpirmasyon sa templo? Pag-isipang ilista ang mga taong iyon sa pangalan.
3. Paano natin matutulungan ang bawat lider ng Simbahan na gamitin ang Ordinances Ready [Paghahanda para sa Ordenansa] at Family Name Assist [Tulong sa mga Pangalan ng Pamilya]?

Isipin kung alin sa mga sumusunod na sanggunian ang maaaring makatulong sa inyo sa gawain ninyong lumikha ng magagandang unang karanasan sa templo:

- Lumikha ng FamilySearch Account.
- Makipagkita sa Temple and Family History Consultant para humingi ng tulong.
- Rebyuhin ang Helper Resources sa FamilySearch.org.
- Alamin ang Family Name Assist [Tulong sa mga Pangalan ng Pamilya] sa Leader and Clerk Resources.

*"Ipinapangako ko sa inyo, bawat pagsisikap, bawat munting pagsisikap na tulungan ang mga bagong convert… na makapasok sa bahay ng Panginoon ay hindi lamang magpapala sa taong iyon, ipinapangako ko na pagpapalain kayo nito. Pagpapalain nito ang mga miyembro ng inyong ward. Madaragdagan ang inyong pananampalataya kay Jesucristo at madaragdagan ang inyong pang-unawa at pagmamahal para sa ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo kapag naranasan ninyo ang mga pagpapalang ito ng templo kasama ang mga bagong miyembro ng ating Simbahan."*

Elder Neil L. Andersen

© 2024 by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. Bersyon: 10/23. Pagsasalin ng *Temple and Family History Leadership Instruction 2024*. Tagalog. PD80025686 893. Inilimbag sa Pilipinas

ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW